



Colors, Future!

いろいろって、未来。

川崎市

Ika-84 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Pinamatnugan at inilathala ng: Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau, Pebrero 28, 2026

Wikang Hapon: <http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0.html>

Wikang Hapon na madaling maintindihan: <http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html>

Pagsali sa 2025 International Festival in Kawasaki

Noong Nobyembre 9 (Linggo), lumahok ang mga miyembro ng Kinatawan ng mga Dayuhang Mamamayan sa ginanap na 2025 International Festival in Kawasaki.

Sa araw na iyon, humigit-kumulang sa 80 na organisasyon mula sa mahigit 20 bansa at rehiyon ang nag-organisa ng mga palabas, exhibition, interactive experiences, local na produkto, at consultation corners, at umabot sa halos 4,000 ang dumalo sa aktibidad.



Ang mga kinatawan ay nag-promote ng kanilang mga aktibidad sa exhibition corner, nag-organisa ng quiz bee sa entablado ng reception room, at nakipag-ugnayan sa mga kalahok.

Pagsali sa Kawasaki Citizens Festival

Noong Nobyembre 1 (Sabado) hanggang 3 (Lunes, holiday) ay ginanap ang ika-46 na Kawasaki Citizens Festival. Nakilahok ang mga kinatawan sa ika-unang araw nito.

Ang mga Kinatawan ay nakipag-ugnayan sa mga kalahok sa loob ng tent sa Fujitsu Stadium. Gumamit ng quiz tungkol sa mga bansang pinagmulan ng mga miyembro, roulette ng kendi, pagbibigay ng mga lobo, at pagdrawing ng mga watawat ng bansa. Bukod dito, nag-distribute din ng mga flyer para sa Open Forum at nag-promote ng meeting.



Pagsaganap ng Open Forum

Ang Open Forum para sa taong 2025 ay ginanap noong Nobyembre 16 (Linggo) sa Kawasaki International Center. Sa pagkakataong ito, may humigit-kumulang 30 katao ang dumalo, at ang pulong ay naganap mula 2:00 ng hapon hanggang 5:00 ng hapon.

Sa Open Forum, naghiwalay sa dalawang grupo, nagpaliwanag tungkol sa tatlong napiling panukala (draft) para sa ika-15 termino na "Pag-aalaga ng Bata at Edukasyon," "Pagbigay ng Impormasyon at pagpapalaganap," at "Pag-iwas sa Kalamidad at Sakuna," at nakatanggap ng mga opinyon mula sa mga lumahok.

Pagkatapos ng diskusyon sa subkomite ay nagsama ulit ang mga grupo upang ibahagi ang mga napagdiskusyonan. Sa pagwakas ay nakatanggap ng komento mula kay Miyuki Kado, Espesyal na Hinirang na Associate Professor ng Rikkyo University, na hiniling naming maging commentator.



Ang mga survey at opinyon ay kinabibilangan ng: "Natuwa akong malaman na ang mga taong galing sa iba't ibang bansa ay aktibong nakikilahok sa komunidad. Nais kong lumahok ulit. Salamat," "Unang beses kong sumali. Salamat sa pagkakataong makarinig ng iba't ibang makabuluhang opinyon," "Mainam sana kung may mas maraming pagkakataon para sa pakikipag-ugnayan at kooperasyon ng gobyerno at komunidad na makakatulong sa multikultural na pamumuhay," "Kulang ang mga materyales ngayong araw, at hindi ko alam kung ano ang dapat pag-usapan," at "Sa tingin ko mas madaling makilahok sa talakayan ang mga participants kung magpresenta ng mga tanong na masasagot sa pamamagitan ng majority vote."

Bukod pa rito, pagkatapos ng pagpupulong ay nagkaroon din kami ng maikling panahon para sa isang pakikisalamuha. Maraming tao ang lumahok, kaya't naging isang masaya at makabuluhang oras ito.

Ang mahahalagang opinyon at payo na natanggap naming sa pagkakataong ito ay tiyak na aming isasaalang-alang sa mga susunod na diskusyon. Sisikapin naming buuin nang maayos ang mga munkahi sa nalalabing mga pagpupulong. Maraming salamat sa lahat ng lumahok.

Ulat tungkol sa Pagsisiyasat at Deliberasyon ng ika-15 Termino

Komite ng Lipunang Multikultural

Sa Open Forum, nabuo ang mahalagang panukala tungkol sa pag-aayos ng flowchart para sa edukasyon at suporta sa pamumuhay mula elementary school pataas. Sa pulong, ang mga kalahok ay nagkaroon ng aktibong talakayan mula sa iba't ibang pananaw, at nagbahagi ng mga konkretong panukala para sa mga hamon na kinakaharap sa aktwal na larangan at sa paggawa ng mas madaling maintindihan at praktikal na sistema. Lalo na, maraming opinyon ang natanggap tungkol sa pag-gawa ng ruta para sa patuloy na suporta.

Bukod dito, sa pamamagitan ng feedback mula sa mga kalahok, maraming pagpapabuti sa orihinal na plano at mga bagong pananaw ang naipakita, at naging napakahusay na lugar ito para sa palitan ng opinyon. Nais naming gamitin ang mga mahalagang opinyong natanggap bilang sanggunian upang maisakatuparan ang mas epektibong mga patakaran.

(Noong panahon ng pagdaos ng Open Forum) Tagapangulo ng Komite, Yoza Adidaya

Sa Komite ng Lipunang, gamit ang mga konkretong opinyon at paraan na natanggap mula sa Open Forum tungkol sa child-rearing flowchart, gagawa kami ng mas praktikal na panukala.

(Noong panahon ng pagdaos ng Open Forum) Pangalawang Tagapangulo ng Komite, Jaehun Jeong

Komite para sa Mapayapang Pamumuhay

Sa Komite para sa Mapayapang Pamumuhay, tungkol sa paghahanda sa sakuna at disaster, isinasama namin ang panukala batay sa dalawang axis: para sa mga kawani ng lungsod at mga tagapamahalang evacuation centers, at para sa mga dayuhang mamamayan. Nais naming isama ito sa mga kasalukuyang inisyatiba at magamit nang lubos.

Sa Open Forum na ito, lubos kaming nagpapasalamat sa mga mahalagang opinyon at komento mula sa mga dating kinatawan at sa mga pangkalahatang mamamayan. Bilang mahalagang input, titiyakin naming tapusin ang isang panukala na tunay na makakatulong sa mga dayuhang mamamayan.

Tagapangulo ng Komite, Wangshu Shan

Sa mga nakaraang meeting, nakaipon kami ng iba't ibang talakayan, ngunit sa Open Forum, nakatanggap kami ng mga opinyon mula sa mga pangkalahatang kalahok na hindi pa namin naririnig dati, at nakakuha kami ng mga bagong pag-unawa.

Kahit kaunti na lang ang natitira sa termino, batay sa mga opinyong natanggap, nais naming patuloy na harapin ang mga pulong upang makapagsumite ng konkretong mga panukala.

Pangalawang Tagapangulo ng Komite, Sooyeong Kim

Pagpapakilala sa Kultura ng Bansang Pinagmulan ng mga Kinatawan ng Ika-15 Termino

Ang tradisyon sa Nepal na ang mga anak ang nag-aalaga sa kanilang mga magulang

Ang sistema ng pamilya sa Nepal ay isang komunidad na batay sa malalim na emosyonal na koneksyon. Ang pag-aalaga ng mga anak sa kanilang mga magulang ay hindi lamang isang tungkulin, kundi isang mahalagang bahagi ng relihiyon at kultura. Sa pamamagitan ng tradisyong ito, lumalaki ang ugnayan ng pamilya, nalinang ang paggalang sa mga nakatatanda, at ipinamamana sa mga susunod na henerasyon ang kultura ng pagmamahal, pagmamalasakit, at pagkaroon ng responsibilidad.



Sa maraming tahanan, karaniwan na ang nag-iisang anak o ang panganay na lalaki ang gumaganap ng papel na ito. Ang pagpapasalamat sa pagmamahal at sakripisyo na ipinakita ng mga magulang sa buong buhay, at ang pag-aalaga at pagsuporta sa kanila sa kanilang pagtanda ay itinuturing na mahalaga sa kultura.

Narayan Pokharel

Ang Pamahiin sa Brazil: Kakaibang Kaugalian

Sa Brazil, may mga natatanging pamahiin na pinaniniwalaan pa rin ng maraming tao hanggang ngayon. Halimbawa, kung matamaan ng walis ang paa habang naglilinis, hindi na makakasal, o kung ilalagay ang tsinelas na baliktad, mamamatay ang ina. Ang pagkatok sa kahoy ng tatlong beses upang maiwasan ang malas ay isa ring kaugaliang malaganap na pinaniniwalaan. Bukod dito, sinasabi rin na kung nais mong umalis ang bisita, ilagay ang walis sa likod ng pinto at aalis sila. Pinaniniwalaan din na kung ilalagay ang bag sa sahig, mawawalan ng pera, kaya inirerekomenda na ilagay ito sa ibabaw ng mesa o upuan.

Ang mga pamahiing ito ay pinahahalagahan pa rin sa kulturang Brazilian hanggang ngayon, at nakakaapekto sa pang-araw-araw na buhay. Sa pamamagitan ng pagkakakilala sa kawili-wiling bahagi ng kultura, madarama natin ang Brazil na mas malapit sa atin.

Fatima Kamata

Ang Sikat na Ramen ng China: Lanzhou Beef Noodles

Ang Lanzhou Beef Noodles ay tradisyonal na ramen na nagmula sa Lanzhou, probinsya ng Gansu sa China. Ang malinaw na sabaw mula sa buto ng baka ay magaan ngunit malalim ang lasa, at ang kulantro, dahon ng bawang, labanos, at chili oil ay nagbibigay ng magandang accent. Maraming specialty shop sa kalunsuran, at karamihan sa mga tindahan ay bukas mula 5:00 ng umaga. Sinasabing ang sabaw na inihanda sa simula ng araw ay ang pinakamasarap, at ito ay naging pangunahing almusal ng mga tao sa Lanzhou. Ang pansit na gawang kamay ay iba't ibang kapal at hugis na mapagpipilian, at ang malambot na tekstura ay mahusay ang paghalo sa sabaw.

Sobrang minamahal ito na may pila pa mula madaling araw, at ang simple ngunit malalim na lasa ay paborito ng maraming henerasyon.

Yao Zhang

Para sa tanong

Kawasaki City Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau
Miyamoto-chou 1, Kawasaki-ku, Kawasaki City 210-8577

Tel : 044-200-2846 Fax : 044-200-3707 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp

Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi ukol sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.

R70
古紙パルプ配合率70%再生紙を使用